

## **Titulo VI (Title VI)**

### **Pahayag ng Patakaran**

Nagkakaloob ang Central Contra Costa Transit Authority (County Connection) ng pantay-pantay na paggamit sa mga serbisyo ng transportasyon nito sa Central Contra Costa. Nakatalaga ang County Connection sa isang polisiya ng walang diskriminasyon sa pagsasagawa ng trabaho nito, kabilang ang mga responsibilidad nito sa ilalim ng Titolo VI ng Civil Rights Act ng 1964, kung saan itinatakda na walang tao, dahilan sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, ang matatanggal mula sa paglahok, matatanggihan ng mga benepisyos, o makakaranas ng diskriminasyon sa ilalim ng programa nitong paghahatid ng mga serbisyo ng transportasyon. Para sa impormasyon tungkol sa County Connection Title VI Program, bumisita sa [countyconnection.com](http://countyconnection.com) o tumawag sa 925-676-7500 (TTY 711).

Ang sinumang tao na naniniwalang nakaranas sila ng diskriminasyon dahil sa lahi, kulay o bansang pinagmulan patungkol sa paghahatid ng mga serbisyo ng transportasyon ay may karapatang maghain ng reklamo sa loob ng 180 araw ng sinabing insidente. Maaari ninyong i-download ang pormularyo ng reklamo na nasa ibaba o humiling nito sa pamamagitan ng pagtawag sa 925-676-7500 (TTY 711). Ang isang nagrereklamo ay maaaring direktang maghain ng reklamo sa Federal Transit Administration sa pamamagitan ng paghahain ng reklamo sa Office of Civil Rights, Attention: Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor-TCR, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590

Kung kinakailangan ang impormasyon sa iba pang wika, makipag-ugnayan sa 925-676-7500.

### **Mga Pamamaraan ng Reklamo ukol sa Title VI**

Kung naniniwala kang nakatanggap ka ng pakikitungong may-diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan kaugnay sa paghahatid ng mga serbisyo ng transportasyon, may karapatan kang maghain ng reklamo sa Title VI sa Civil Rights Administrator ng Authority. Hinihingi ng mga batas na Pederal at Pang-estado na ihain ang mga reklamo sa loob ng isangdaan at walumpung (180) araw sa kalendaryo mula sa sinasabing insidente. Maaari mong i-download ang form para sa paghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagbisita sa [countyconnection.com](http://countyconnection.com). Maaari ka ring tumawag sa customer service at hilinging mapadalhan ka sa koreo ng form ng reklamo sa Title VI. Maaari mo ring isumite ang isang nakasulat na pahayag na naglalaman ng lahat ng impormasyong nakalista sa ibaba. Dapat ipakoreo o ipahatid ang mga reklamo sa:

County Connection  
Director of Recruitment & Employee Development  
2477 Arnold Industrial Way  
Concord, CA 94520

Dapat kasama sa lahat ng reklamo ang mga sumusunod na impormasyon:

1. Pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo.
2. Ang batayan ng reklamo; (hal., lahi, kulay, o bansang pinagmulan).
3. Ang (mga) petsa kung kailan nangyari ang sinasabing pangyayaring may diskriminasyon.
4. Ang uri ng insidente na nagbigay-daan upang maramdaman ng nagrereklamo na isang salik ang diskriminasyon.
5. Mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga taong maaaring may alam sa pangyayari.
6. Iba pang ahensiya o hukuman kung saan maaaring inihain ang reklamo at pangalan ng nakaugnayan.

**Central Contra Costa Transit Authority**  
**Form ng Reklamo sa Title VI**

Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyong kinakailangan upang maproseso ang iyong reklamo. May makukuhang tulong sa sandaling humiling. Kumpletuhin ang form na ito at ikoreo o ihatid sa: CCCTA Director of Recruitment & Employee Development, 2477 Arnold Industrial Way, Concord, California, 94520.

1) Pangalan ng Nagrereklamo: \_\_\_\_\_

2) Address: \_\_\_\_\_

3) Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip: \_\_\_\_\_

4) Telepono: Tahanan \_\_\_\_\_ Cell \_\_\_\_\_

5) Taong nakaranas ng diskriminasyon (kung iba pa kaysa nagrereklamo)

Pangalan: \_\_\_\_\_

Address: \_\_\_\_\_

Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip: \_\_\_\_\_

6) Saan ibinatay ang diskriminasyon? (Tsekan ang lahat ng naaangkop):

Lahi  
Kulay  
Bansang Pinagmulan

7) Petsa ng insidenteng humantong sa diskriminasyon: \_\_\_\_\_

8) Ilarawan kung paano ka naging biktima ng diskriminasyon. Ano ang nangyari at sino ang responsable? Para sa karagdagang espasyo, maglakip ng mga karagdagang piraso ng papel o gamitin ang likod ng form na ito.

9) Inihain mo ba ang reklamong ito sa iba pang ahensiyang pederal, pang-estado, o lokal; o sa hukumang pederal o pang-estado? (tsekan ang naaangkop na espasyo)

Oo \_\_\_\_\_

Hindi \_\_\_\_\_

Kung Oo ang sagot, saka tsekan ang bawat ahensiyang pinaghainan ng reklamo:

Ahensiyang Pederal \_\_\_\_\_ Hukumang Pederal \_\_\_\_\_ Ahensiyang Pang-estado \_\_\_\_\_

Hukumang Pang-estado \_\_\_\_\_ Lokal na Ahensiya \_\_\_\_\_

10) Ibigay ang impormasyon ng taong nakaugnay sa ahensiyang pinaghainan mo rin ng reklamo:

Pangalan: \_\_\_\_\_

Address: \_\_\_\_\_

Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip: \_\_\_\_\_

Petsa nang Ihain: \_\_\_\_\_

Sign the complaint in the space below. Attach any documents you believe supports your complaint.

---

Lagda ng Nagrereklamo

Petsa